# Musikatha

*Christine Marie Lim Magpile*

## DDS Song

(sa tono ng "Spaghetti Song")

O ano, mga DDS,

Ready na ba'ng utak ninyo?
O sige, simulan na natin.

Pinaslang si Pedro. Binaril sa ulo.
Sinalakay kahit hindi nanggulo.
Balik Batas Militar na ba tayo?

O, pag-atake, ituloy lang ha.

Fake news tayo, sumasahod mga troll .
Pasikatin ang tuta ninyo.
Sumipsip, suhol, sahol.

COVID-19 sa 'Pinas, pataas nang pataas.
Ang utang ng bansa ay hindi bumababa.
Kung ano-anong buwis ang nais ikaltas.
Ang batas ay hindi patas, pondo'y winawaldas.

Aww, mananahimik ba tayo?

Gusto mo bang matodas? Ito'y babala.
Ayoko sa lahat, kapag may bumanat.
Ayokong tatawaging diktador na may sayad.
Ang gusto ni Pigong, sumunod,'wag susuway.
Kung mag-iingay, may banta sa buhay.

Aww, magtitiis pa ba tayo?

COVID cases sa 'Pinas patuloy na tumataas.
Politikong pasaway, hindi bumababa.
Ang utang ng bansa lalong tumataas.
Ang ayuda nasaan, kailan ibababa?

Nawawala si Mang Poldo. May patong sa ulo.
Nakalaboso. Hustisya'y papaano?
Huwag tayong magpapatalo.

## May Veerus Pa

(sa tono ng “May Bukas Pa”)

May virus pa,
Ba’t gumagala?
May COVID pa,
‘Wag nang lumabas.
Sisihin ka,
‘Pag nag-positive.
Barangay mo’y
Gagawing lockdown.

Sa daigdig, laganap ang COVID.
Sa bahay na lang o may lumbay.
Maghintay kundi’y
Wala nang bukas.

May virus pa,
‘Wag nang lumabas.
Tutulugan ka ba ni Pigong,
O baka mapaslang?
Kapag sumamâ ang pakiramdam,
Pero ang testing kit ay kay mahal.
Mga kababayan, paano na sa P ilipinas?
Sa daigdig, laganap ang COVID.
COVID case sa ‘Pinas ay tumataas.
Kaya mass testing,
‘Wag nang ipagpabukas.

May COVID pa,
May mass testing ba?
Tutulungan ka ba ni Pigong?
Plano’y pumapalpak.

Mga sipsip, akala’y may alam.
Ang totoo, walang pakialam.
COVID-19 sa bansa,
Mawawala kung lalaban.

## Protesta
(sa tono ng "Torete")

Sandali na lang.

Maaari bang mag-aklas?
Maaalis na ba?
Maaari bang impeachment?
Lubos kasing sablay.
Sana ay madinig ng langit.
Labis tayong sawi.
Trabaho'y wala pa rin.

Ako'y nag-alala.
Dahil naghihigpit.
Batas Militar na ba?
Nasa hulog pa ba,
Presidente.

Ilang taon pa ba
Na tayo'y magugupo?
Mahirap na masadlak.
Nanlalamig.
Natatakot ako.

Akala ko nu'ng una,
Mayroong ginhawa.
Bakit napakamalas?
Pero sa halalan,
Tama na ang trapo.

Tameme.
Bawal eme.
Kundi ay tokhang.
Pasista.
Pahirap.
Taas-kamao na.

## Takot, Pare

(sa tono ng "Taralets")

Takbo, pare. Katakot, p're.

Ang Pangulo ay berdugo.
Tago, pare. Kilabot, p're.
Ang Pangulo ay diyablo.

Huwag kang mabibigla.
Si Tatay, nawawala.
Kanino magtatanong?
Saan ba magsusuplong?
Sino na ang takbuhan?
Pangulo ang kalaban.

Tulong di maihatid.
Mayroong nagmamasid.
Di ako makasigaw.
Takot nangingibabaw.
Hindi ko mapigilan.
Ngunit ako'y lalaban.

Tara, pare. Tapang, pare.
Bayang mahal, nakasadlak.
Tindig, pare. Tinag, pare.
Sa diktador, 'wag masindak.

## Manila Bay
(sa tono ng “Manila”)

Maynila, Maynila.
Kahit trapik, tara sa Maynila.
Kaunting ulan, baha sa Maynila.
Maynila, maganda ba?

Halina’t gumala tayo sa Baywalk.
Sumakay sa padyak, mahal ang kalesa.
Dati puno ang kalye ng jeepney.
Bawal pumasada ngayon kundi kulong.

Hinahanap-hanap ko ang buhangin.
Ang dolomite ay huwag sisinghutin.
Sa totoo’y puro burak naman.
Mga basura ay naglulutangan.

Ipasyal natin ang mga turista.
Ipangako lang, huwag ibenta.
Dahil may banta pa rin ang Tsina.

Pilipinas, Pilipinas.
May ayuda ba sa Pilipinas?
Busabos ang lagay sa Pilipinas.
Papasyal pa ba sa Pilipinas?

Hinahanap-hanap ko ang pondo.
Sablay kasi ang mga proyekto.
Kaban ng bayan ay kinukurakot.
Kapag lumaban ay nananakot.

Matindi ang kapit sa Tsina.
Mayroon pa bang pag-asa?
Umalma tayo’t magprotesta.

Malacañang, Malacañang.
Mag-ingat tayo sa Malacañang.
May halimaw sa Malacañang.
Mananalig pa ba sa Malacañang?